

**The Project Gutenberg eBook of Maring (Dangal at Lakas): Ulirang Buhay Tagalog, by
Aurelio Tolentino**

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at www.gutenberg.org. If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Maring (Dangal at Lakas): Ulirang Buhay Tagalog

Author: Aurelio Tolentino

Release date: October 6, 2013 [EBook #43902]

Language: Tagalog

Credits: Produced by Marie Bartolo from page images made available
by the Internet Archive: American Libraries

*** START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK MARING (DANGAL AT LAKAS): ULIRANG BUHAY TAGALOG

Tagubilin ng Tagapagsalin

Maaaring may mga bahagi ng teksto na hindi maayos ang mga titik o karakter, lalo na sa [pahina ng pamagat](#). Magpalit ng *font* sa inyong *e-book reader* upang subukang makita na maayos ang mga ito.



AURELIO TOLENTINO

MARING

Kung dapat mang busugin ang **SIKMURA**, ay lalo na ang **PUSO** at ang **UTAK**. Ang nobelang **MARING** ay napakasarap na pagkain ng damdamin at ng pag-iisip.

HALAGA 40 CENT.

MARING

(DAÑGAL AT LAKAS)

MARING

(DANĀAL AT LAKAS)

ULIRANG BUHAY TAGALOG

SINULAT NI
AURELIO TOLENTINO

IKATLONG PAGKALIMBAG



Kung ibig ninyong bumili ng iba't ibang yaring damit o nobelang Maring at iba pa ay pumarito kayo sa Mercado Yanco
237 Int. Tabora, Maynila.

TAGUBILIN:

Ang aklat na ito ay aring tunay ng tatlong magkakapatid na Tolentino (anak) at wala sino pa mang makapagpapalimbag nito kung wala silang lubos na kapahintulutan.

Ang Tagapangasiwa,
N. HILARIO.

PATUNGKOL

Sa inyó, mga kapatid kong bulaklak ng Pilipinas, sinag ng buhay, sibol ng lambing at pagibig, hiwaga ng saganang bait at banal na pagtitiis, mga babaying dangal ng kalinisan sa sangkatauhan, sa inyo ko ipinatutungkol itóng walang kabuluhang aklat. Maliit na lubha, palibhasa'y talagang maliit yaring pag-iisip. Gayon pa man, kung inyong nanamnamin ang pinagdaanang buhay ni Maring si Maring na diwa nitong kasaysayan, ay inaasahan kong kayo'y may kaunting kabutihang pakikinabangan. Sa munting aklat na handog ko, ay inyong makikitang maliwanag, na ang isang babaying marangal at may malakas na kalooban, ay kahalintulad ng araw: sa kabila ng mga makakapal na dilim at maraming bagyo ng ligalig at kahirapan, ay sumisikat na maluningning, ligid ng puri, ligid ng biyaya, ligid ng lualhating di mahulilip.

ANG KUMATHA.

Ang taong walang ibang binubusog kungdi tanging ang sikmura lamang, ay hindi nabubuhay: tumutubo lamang parang damó. Upang magpakatao ay kailangang busugin din ang puso at ang utak, sa pamamagitan ng pagbása sa mga mabubuting aklat.

Aurelio Tolentino.

MGA NILALAMAN

[Tagubilin](#)

[Patungkol](#)

[Kabatanang I.](#) Napitas Ang Bulaklak

[Kabatanang II.](#) Simula ng Kahirapan

[Kabatanang III.](#) Pusong Matibay

[Kabatanang IV.](#) Inang Malingap

[Kabatanang V.](#) Asawang Mairugin

[Kabatanang VI.](#) Tinugis ng Lisyang Palad

[Kabatanang VII.](#) Ganting-pala ng Pagtitiis

[¿Bakit Di Basahin?](#)



DANGAL AT LAKAS
Ó

MARING

KABANATANG I.

Napitas Ang Bulaklak

Noong taong 190... ay nanirahan sa nayon ng B., sakop ng Maynila ang mag-asawang Pedro at Julia.

Marálita ang kaniláng pamumuhay palibhasa'y walang ibáng paghahanap kungdi ang mamalakaya sa mga ilog at sa look ng Maynila.

Sila ay may bugtong na anak, uliran ng bait, si Maria na tinagurian ng Maring.

Kung kaaya-aya man ang gandá ng kalooban ni Maring, ay lalo pa namán kaaya-aya ang gandá ng kaniyang anyo, anyo ng bagong bumubukang kampuput, at lalong-lalo pa yaong mukha niyang anaki'y mukhang angel, mukhang pinagkalooban ng langit ng lubhang mapanghalinang dikit na bihirang ipagkaloob sa taong kinapal.

Ang kaniyang mapupungay na mata ay anaki'y salamin ng pag-ibig, anaki'y sibol ng lambing, anaki'y larawan ng bait.

At dahil nga sa gayón, ay pinag-ingatan yatang talagá ng palad, kaya't pinalamutihan sa dakong noó ng masinsin, nguni't makitid na kilay na hubog tari, at binakuran ng mayabong at malantik na pilikmatá, akala marahil ng Maykapal ay upang huwag manganib sa puwing man lamang yaong mga matáng kaniyang pinagpalang talaga.

Ang kaniyang mga ngiti ay ngiting langit: naghahandog sa kaharap ng lugod na di mahulilip at walang hanggang tamis ng maamong kalooban, lalo't talagáng maririkit yaong kaniyang mga maliliit at masinsing ngiping kinainggitan ng tunay na garing, at sinalitan ng isang ngiping gintong ipinasadya ng kaniyang amá, upang malubos mandin ang ganda noong napakatamis na bibig.

Kung lugay ang kaniyang mayabong na buhok, ay uma-abot hangang sakong, malinis, maitim at makinang na anaki'y sarampuli ng mga Lakhang-dalaga sa unang panahon.

Si Maring ay kayumangging maligat na namumula-mulá, at ang kaniyang pangangatawán ay katatágan sa taas at sa bilog. Ang kaniyang mga kilos ay mabining pawa, mahinhin at kalugod-lugod sa lahat ng bagay.

May isáng binata, bagong-taong basal na nangganggalang Gonsalo. Ito ay maralita ring gaya nilá Maring, palibhasa'y gaya rin nilang walang ibang paghahanap kungdi pamamalakaya sa mga ilog at dagat.

Si Gonsalo ay may mga tatlong taón ng nananhik ng ligaw kay Maring, nguni't hindi pinansin nitó ang kaniyang matapat na pagsuyo, at kadalasang isagot sa kaniya ay ang kaniyang nais na makasuyo muna sa kaniyang mga magulang.

Gayon pa man ay hindi tumatamlay ang pag-ibig ni Gonsalo, at sa tuwing sábadó, gaya rin ng dati, ay siya'y nananhik ng ligaw.

Isáng gabi ay nanhik din ng ligaw kay Maring si D. Eduardo Sanchez, bagong-taong may mga dalawang puo't-limang taóng gulang, makisig at bantog sa bait, sa dunong at sa yaman.

Mga ilang buan pa lamang ang kaniyang panunuyo kay Maring ay sila'y nagkaibigan.

Nahahalata ni Gonsalo ang gayon, kaya siya ay naglubay ng pagdalaw kay Maring. Nguni't palibhasa'y taimtim ang kaniyang pagsinta, ay along nauuhaw ang kaniyang puso, ngayon hindi nakikita ang hantungan ng kaniyang mga nais.

Isáng sábadó si Gonsalo ay muli na namang nanhik ng ligaw kay Maring.

—Maring,—ang kaniyang samong anaki'y hibik.

—May mga tatlong taón nang ikaw ay aking dinadalanginan, saka ngayon...

Hindi naituloy ang kaniyang malumbay na samo, at pagdaka'y biglang namalibis yaong nabubungad na luhang kanina pa gumigilid sa kaniyang mga pilik-mata.

Nai-inis ang kaniyang puso.

Bagá ma't siya'y hindi sinisinta ni Maring, ay nahabag din ang kaniyang kalooban sa kaawaawang binata.

—Ipagpaumanhin mo na sana sa akin ang hindi ko paglingap sa iyong pag-ibig,—ang tugon ni Maring.—Akó’y hindi na maaring suminta sa iyo.

—¿Bakit?,—ang tanong ni Gonsalo.

—Sapagka’t ako’y may sinisinta na,—ang pakli ni Maring.

—Oo nga,—ang sagot ni Gonsalo.—Si D. Eduardo Sanchez. Siya’y mayaman at marunong, nguni’t ako’y dukha at mangmang.

—Hindi namán sa gayon,—ang amo ni Maring.—Pantay-pantay sa aking balak ang lahat ng tao. Nguni’t ¿ano kaya ang gagawin, kung talagang hindi isinagi ng palad sa puso ko ang sa iyo’y umibig? Kita’y magmahalan na lamang na parang tunay na mag-kapatid.

—Hindi mangyayari,—ani Gonsalo.

—¿Bakit?,—ang tanong ni Maring.

—Ewan,—ang tugón ni Gonsalo,—nguni’t ikamamatay ko yata ang aking pagkabigo sa iyo.

Maluwat na di nakaimik ang dalawa.

Si Maring ay nakayuko at kaniyang ginuguniguni si Eduardong minumutya ng kaniyang puso; si Gonsalo ay nakayuku rin, at ginuguniguni namán niya ang kaniyang nabigong pagsuyo kay Maring.

Itinalaghay ni Gonsalo ang kaniyang ulo at pinagmasdan ang kaniyang kaharap.

—Maring,—aniya.—Ito’y kahuli-hulihan ko nang pagpanhik dito. Nguni’t isinusumpa ko, na kung hindi rin lamang ikaw ang magiging poon ng aking abang kapalaran, ay hindi na akó mag-aasawa kailang pa man, at paka-asahan mo, na bagá ma’t ako’y malayo sa iyo, ay ikaw at ikaw din ang dadalangin ko habang buhay.

Si Gonsalo ay nagpaalam, at samantalang siya’y nananaog doon sa hagdanang tatlong taóng pinapanhik niya tuwing sabado, ay matuling namamalisbis sa kaniyang pisngi ang luha ng kaniyang nabigong pag-ibig.

—Kaawa-awa namán—ang buntong hiningá ni Maring.

Sapul noon ay hindi na nga nanhik ng ligaw si Gonsalo kay Maring; nguni’t gabi-gabi ay nagdadaan siya sa tapat ng kaniláng bahay, kungdi tatayo-tayo sa malayo, at kapag natanawan niya si Maring ay saka pa lamang uuwi ng bahay. Siya’y parang nauulol mandín.

Isáng gabí ay dumalaw si D. Eduardo kay Maring at pinagkasunduan niláng ipagtapat sa mga magulang ang kaniláng pagsisintahan, at tuloy isamo ang kanilang kapahintulutan sa kanilang pag-iisang puso sa harapán ng dambana ng Maykapal.

Noon ding gabing yaón ay pinakiharapan ng mag-asawang matanda si D. Eduardo.

—Ipagpapaumanhin po nila,—ang simula nito,—ang aking kapangahasan sa pag-harap sa inyo at pagtatapat ng aking nais.

—¿Anó yaón?,—ang tanong ng matandang Pedro.

—Marahil po,—ang sagot ni Eduardo,—huwag ko mang sabihin ay batid na ninyo ang aking pagsuyo kay Maring, na kung ilán ng buwan ngayong aming inaalagaan at binabakuran ng malinis na pagmamahalan; at dahil sa gayón, ay hindi namin ikinahihiyang ipakiharap, maging sa Maykapal, maging sa inyó po, at maging sa lahat ng tao.

“Akó po ay ulila sa ama’t sa ina. Kapatid ko ma’t kamaganak ay wala ng natitira isá man kaya ako’y sabik na magkaroon ng magulang na sukat suyuan habang buhay. Kung ito pong kaliitan ay inyóng maging dapatin, at tangaping maging parang tunay na anak na kaisang-puso ni Maring, ay pakaasahan po ninyóng wala ng mapalad na lalaking gaya ko sa sang sinukuban”.

Tinawag ni matandang Pedro si Maring.

—Nagtapat si D. Eduardo,—aniya,—at sinabing kayo raw ay nagkakasintahan. ¿Tunay nga baga?

Si Maring ay hindi nakasagot: siya’y dinaig ng alang-alang at kahihiyang sa matandá.

—Sumagot ka,—ang ulit ng amá—¿Tunay nga bang kayo’y nagkakasintahan?

Linakasan ni Maring ang kaniyang kalooban.

—Tunay nga po,—ang kaniyang nahihiyang sagot.

—Isinamo niya,—ang dugtong ng matanda,—ang aming kapahintulutan sa inyóng pag-iisang puso. ¿Anó ang balak mo sa gayong?

—Kayó po ang masusunod,—ang tugon ni Maring.

—Kung kami lamang ang masusunod,—ang dugtong ng matanda,—ay ibig naming ikaw ay makitang dalaga habang buhay sa aming piling, upang huwag kang mawalay ng kahit sandali sa aming mga matá. Gayón pa man ay nababatid naming ang pakikipag-isáng puso ay katutubong talaga ng tao, gaya ng aming pag-iisang puso ng iyong iná, at dahil dito, ay hindi maaring ipagkait sa inyó ang aming kapahintulutan.

¿Sabihin pa kaya ang tuwa ng nagkakasintahang Maring at Eduardo? Para na nilang nakikitang nabubuksán ang pintuan ng langit sa panahong sasapitin.

Naganap ang tatlong sunod-sunod na tawag sa simbahan.

Samangtalang inihahanda ang lahat ng bagay na kailangan sa pagkakasal ni Maring kay D. Eduardo ay parang linalason naman ang puso ni Gonsalo.

Dalawang araw bago sumapit ang takdang araw sa kasal, ay dinalhán ni D. Eduardo si Maring ng mga hiyas na pawang tinampukan ng mga batóng brilyante at isang kabihisang damit na sadyang ipinasukat kay Maring.

Kinagabihan, samangtalang sinisiyasat ang lahat na gagamitin sa malaking piging na ihahanda, si Maring ay biglang nawala. Kinayag ni Gonsalo ang dalawa niyang kaibigang matapat, inabangan nilá si Maring at pagpanaog nitó ay kanilang biglang inagaw at dinala sa bundok ng S. Mateo sa lalawigang Rizal.

¿Sabihin pa kaya ang tangis ng kaawa-awang Maring? Noong nakikita na niyang nagliliwayway ang araw ng kaniyang buhay, ay biglang lumubog at ang humalili ay dilim na tila wari walang katapusán.

Sa loob ng unang buwang pakikisama ni Maring kay Gonsalo sa bundok, ay wala siyang ibang binabalak kungdi ang paghihiganti. Pinakataimtim niya sa kalooban ang nasang patayin ang lalaking kumaladkad sa kaniya sa burak ng kapangayayaan.

Isang gabí, si Gonsalo ay naidlip na nakahilig sa kandungan ni Maring. Nasulyapan nitó ang isáng sundang na malapit sa kaniya, biglang dinampot at anyong tatarakan sa dibdib ang natutulog, nguni't nangatal ang kaniyang bisig, gaya ng pangangatal ng kaniyang puso at kaluluwa.

—¡Dius ko!,—ang kaniyang buntong hininga.—Masama nga sana si Gonsalo, nguni't sa lagay na itó ay siya'y akin ng asawa.

Siya'y nagmuni-muni.

—Hindi mangyayari,—aniyang sarili.—Ang lalaking ito ay hindi ko sinintá kailan pa man; ako'y kaniyang inagaw at pinaslang... Ang taksil ay dapat ding pagtaksilán.

Muling itinaas ang kamay at muling ákmang tarakan ng sundang ang dibdib ni Gonsalo. Nguni't gaya rin ng una, nanginig ang kaniyang kamay at hindi naituloy.

Si Maring ay may malakas na loob sa paggawa ng magaling, nguni't napakahina kung sa gawang kapaslangan.

Muling ibinaba ang kaniyang kamay.

—¿Ano kaya ang aking gagawin?—ang tanong niya sa sarili.—Kung ako man ay umuwi sa amin ngayon, ¿ay may magsasabi kayang hindi pa nalugso yaong wagas na puring katutubo ng aking pagkatao? Tunay nga at nalalaman kong ako'y hindi sumisinta kay Gonsalo, nguni't nalalaman ko rin namang siya'y sumisinta ng taimtim sa akin. ¡Kaawa-awa naman!

Naglalabanang mahigpit sa kaniyang balak ang lunos kay Gonsalo at ang nais na maipaghiganti ang kaniyang puring nagibá.

—Ang puri ng tao,—aniya sa huli,—ay katimbang ng buhay. At yayamang inilugso niya ang aking puri, ay kailangang ilugso ko rin namán ang kaniyang buhay.

Muling itinaas ang kaniyang kamay, hawak ang sundang, pinag-ubos ang lakas ng kaniyang loob at anyo na namang tarakan si Gonsalo sa dibdib. Nguni't katakataká. Hindi sundang ang lumagpak kay Gonsalo, kungdi matuling luhang namalisbis sa mga matá ni Maring at pumatak sa kaliwang pisngi ng nakakatulog.

Si Gonsalo ay nagising. Nakita niya ang sundang na naka-akma sa tapat ng kaniyang dibdib, nguni't hindi tuminag kaunti man, at bagkos pang ngumiti at nagsalita ng ganitó:

—Maring, ituloy mo ang sundang. Ikaw ay aking pinagtaksilan, kaya kailangang ikaw ay maghiganti. Ituloy mo ang sundang.

—Kailangan nga,—ang sagot ni Maring,—nguni't ewan kung bakit, makaitlo ko ng iakma ang sundang at hindi ko naituloy: nanginginig ang aking kamáy.

—Nanginginig ang iyong kamay sapagka't kamay ng anghel;—ang pakli ni Gonsalo;—datapuwat ang kamay ko ay kamay ng buhong: makita mo kung hindi magtuloy.

Siya'y maliksing naupo, inagaw ang sundang kay Maring, saka anyong isasaksak sa kaniyang sariling dibdib.

—¡¡¡Gonsalo!!!,—ani Maring, saka hinagkan.

Yaon ay siyang kauna-unahang halik ni Maring kay Gonsalo.

—Maring,—ani Gonsalo,—inagaw kitang hindi ko sinadya. Ako'y binulag na lubos ng masidhing pagsinta ko sa iyo. Nguni't ngayong ako'y pagsaulan ng dating kalooban at pag-iisip, ay pinagsisisihan kong mataimtim ang kapaslangang ginawa ko sa iyo. Kaya nga, at dahil sa ako'y sumumpang mahigpit sa sarili, magbuhat pa man noong unang araw na ikaw ay aking sintahin, na papatayin ko ang sino mang sa iyo'y tumaksil: at yayamang dili iba't kungdi ako na rin nga ang sa iyo'y pumaslang, kaya kailangang patayin ko ang aking sariling katawán, upang sa gayón ay matupad ang aking mahigpit na sumpa.

Muling iniakmang isaksak sa kaniyang dibdib ang sundang, nguni't muli rin siyang niyakap ni Maring at tumangis.

—¿Ngayon pa bagang nailugso mo na ang aking puri, saka mo ako lilisanin?—ang kaniyang hibik.

Si Gonsalo ay tumangis din.

Noon gabing yaon ay hindi silá nakatulog. Magdamag na humihingi ng kapatawaran si Gonsalo sa kapaslangang kaniyang ginawa.

Palibhasa'y si Maring ay may banal na kalooban kaya pinatawad ang sa kaniya'y nagtaksil.

Sa kaluwatan ng kanilang pagsasama ay unti-unting nagkaroon ng pagmamahal si Maring kay Gonsalo.

Lumipas ang limang taon. Si Maring ay nagkaroon ng dalawang anak.

Isáng araw si Gonsalo ay umuwi ng bayan, at siyá'y nagbili ng kahoy at yantok. Nabalitaan niyang nangamatay na ang ama't ina ni Maring.

¿Sabihin pa kaya ang tangis nito ng kanyang maalaman ang malumbay na balita?

Gayon pa man, at sapagka't sila'y wala ng sukat pangilagan sa bayan, silá'y nagbalik sa nayong B. na kanilang pinanggalingan, at sila'y namuhay na tahimik sa bahay na naiwan ng mga nasirang magulang ni Maring.





KABANATANG II.

Simula ng Kahirapan

Si Gonsalo ay kinayag ng isa niyang kaibigan, upang sila raw ay mamili ng kabayo sa Pulong Mindanaw. Alinsunod sa balita ay mura doon ang kabayo at malaking lubha ang kanilang tutubuin. Ang sagot ni Gonsalo ay hindi siya maka-aalis, sapagka't wala siyang salaping iiwan sa kaniyang asawa't mga anak, nguni't siya'y binigyan ng limang piso, at pinangakuan pa siyang sa kanilang pagbabalik, mga ilang araw lamang ay siya'y bibigyan pang muli, at di kailangang hintayin pang mabili ang kanilang kabayong kalakal.

Si Gonsalo ay natuwa ng di gayon lamang.

Ang limang pisong kaniyang tinanggap ay ibinigay kay Maring ng walang bawas kaunti man.

Kinabukasan, pagkatapos niyang hinagkan ang kaniyang dalawang anak, ay niyakap si Maring, nanaog at sumakay sa isang daong.

Si Maring ay tumangis pagtalikod ni Gonsalo: siya'y kinabahan sa pag-alis nito.

Si Gonsalo ay nadaya. Ang daong na kaniyang sinakyan ay hindi napatungo sa Mindanaw, kungdi sa Hongkong, saka nagtuloy sa Hawaii.

May mga dalawang buwan pa lamang ang pag-alis ni Gonsalo, ay naipagbili na't naisanglang lahat ni Maring ang kaniyang damit, at wala ng natitira kungdi ang kaniyang suot sa katawan at ang isang kabihisang nakababad sa batya.

Araw-araw ay siya'y nakapangalumbaba sa durungawan, at kaniyang hinihintay si Gonsalo, nguni't ito ay hindi dumarating, at wala man lamang balitang tinatanggap hinggil sa kanya. Bawa't maghapon lumipas ang damdam ni Maring, ay maluat pa kay sa isang taong pagtitiis.

Ang anak na panganay ni Maring ay may pag-iisip na't kaya ng alagaan ang kaniyang kapatid na bunso.

Isáng gabi, si Maring ay napatungo sa bahay ng isáng matandang babaing dati niyang kakilala, at ipinakiusap niyang siya'y ihanap ng bahay na mananahian.

Noon din ay siya'y ipinagsama ng matanda sa isáng bahay na malaki.

Silang dalawa'y pumasok sa silid.

Doon ay may dinatnan siláng isáng lalaking kastila at balbasan. Ang lalaking itó ay kinausap ng lihim ng matanda, at pagkatapos ay nagpaalam; doon ay iniwan si Maring.

Si Maring ay pinagmasdan ng kastila.

—Ang kinakailangan ko, ay hindi mananahi, kungdi asawa.

Si Maring ay nangingig at namutla ng galit.

Hindi niya akalaing siya'y makatagpo ng gayong pagkadulingas.

—Ang hinahanap ko po,—ang matigas niyang tugón;—ay hindi asawa, kundi tahi.

—Mahirap ang tahi,—ang pakli ng kastila;—dapuwa't mayaman ang asawa: narito ang salapi.

Saka anyong iniabot kay Maring ang isáng bilot na salaping papel.

Si Maring ay parang tinampal sa mukha, at siya'y napahiya sa kaniya ring sarili. Gayón pa man ay kanyang tiniis yaong mahapding libak, inirapan ang kastila, biglang tinalikdan at anyong lisanin. Nguni't bago nakalakad ng dalawang hakbang, ay siya'y hinabol ng kastila; at hinawakan sa kaliwang kamay. Si Maring ay maliksing pumihit, hinarap ang kastila, ubos lakás na tinampal sa mukha, saka sumigaw ng malakás.

—¡Polisya!,—aniya.

Ang kastila'y nagtaanan.

Sa bahay na yaon ay walang tao isá man. Yao'y isáng bahay na talagang pinagpupungalan ó pinagkukulungan ng mga babaying sawing palad. Sa Maynila ay marami ang gayóng bahay, at bihira ang babaing napapanhik doon na di nasihilaw sa kislap ng pilak at ginto.

Isá mang polisya ay walang dumalo sa sigaw ni Maring. Karamihan ng polisya ay talagang gayón: parang nakikipaglaro ng “piko-piko.” Samantalang silá'y “pumipiko” sa inyong palad ay silá'y makikita mo, nguni't pagkatapos ay hindi na; silá'y lumulubog na parang bula.

Si Maring ay umuwi sa kaniyang bahay. Dinatnan niyang umi-iyak ng gutom ang kaniyang mga anak. Siya'y nanghingi ng kanin sa mga kapit-bahay at nang siya'y mabigyan ng kaunting tutong, ay ito'y siyang kaniyang ipinakain sa mga bata.

Si Maring ay hindi kumain ng hapunan, hindi dahil sa siya'y ayaw, kungdi dahil sa talagang walang makain.

Kinabukasan, at bago sumikat ang araw, ay siya'y naglakad at humanap ng labahin. Siya'y umuwing may sunong na maraming damit na marumi, at salaping kulang lamang ng kaunti sa dalawang piso, salaping hiningi niya, upang may maibili ng sabon at almirol.

Siya'y bumili ng pananghalian, at pagkatapos niyang kumain saka naglaba.

Ika-apat na araw ay natapos ang damit at kaniyang inihatid.

Ang isa sa kaniyang mga ipinaglalaba ay lalaking balo, may mataas na katungkulan at may malaking sahod na salapi.

—¡Kay ganda mo!—aniya kay Maring.

Si Maring ay kinabahan, tiningnan ang marangal na ginoo, saka yumuko.

—Hindi bagay sa iyo ang maglaba,—ang dugtong ng dakilang lalaki,—bagay lamang sa iyo ang maging poon. Dito ka na tumira sa bahay, at ikaw ay aking popoonin.

—Ang isang maralitang gaya ko—ang sagot ni Maring,—ay di dapat maging poon.

—Hindi, hindi ka maralita;—ang sabat ng ginoo,—ikaw ay mayaman, sapagka't ang lahat kong ari, ay parang ari mo ring tunay.

—Pinasalamatan ko po ang inyong magandang kalooban,—ang pakli ni Maring,—datapuwa't hindi ko matatanggap. Ibigay na lamang ninyo sa akin ang kaupahang sukat sa linabhan kong damit. Ito po ay siyang tunay kong pag-aari, sapagka't ito'y isang bungang tunay ng aking pawis.

Siya'y inabutan ng limang pisong salaping papel.

—Ako po'y walang isusukli,—ani Maring.

—Iyo ng lahat iyan,—ang sagot ng ginoo.

—Wala po akong tatanggapin,—ang tutol ni Maring,—kungdi lamang ang tatlong salaping kulang sa aking pinagpaguran.

Siya'y binigyan ng tatlong salapi.

Si Maring ay umalis at hindi na tumanggap ng labahin sa bahay na yaon.

Siya'y nagtuloy sa isa pa niyang ipinaglaba at naghatid din ng damit. Pinangusapan siya nito ng matatamis na salitang ukol sa pag-ibig.

—Ako po'y naparito,—ani Maring,—upang maghatid ng damit, at di upang makipagsintahan.

Ang kausap ay napahiya, binayarang kay Maring ang inihatid na damit, at gaya rin ng una, ay hindi na tumanggap ng labahin.

Kinabukasan ay siya'y nasok na mananahi sa isang "sastreria."

Sumapit ang sabado, at ng kaniyang sinasahod ang kaniyang pinagpaguran, ay siya'y pinangusapan ng may-ari.

—Maring,—aniya,—kung ibig mo sana ay huwag ka ng manahi ng damit na ginagawa dito sa "sastreria".

—¿Bakit po?—ang tanong ni Maring.

—Naninibugho ang puso ko,—anang may-ari,—kung nakikita kong hinahawakan ng maririkit mong kamay ang damit ng iba. Ang ibig ko sana, ay damit kong sarili ang iyong hipuin. ¡Mapalad ang lalaking lingapin mo!

—Ako po'y naparito,—ang tugon ni Maring,—upang maghanap-buhay, at di upang makipagligawan.

Si Maring ay umuwi at hindi na muling pumasok pa sa nasabing "sastreria."

Siya'y pumasok namang tagapagbili sa isang tindahan ng chinelas na ari ng isang insik. Ikatlong araw ng kaniyang pangangasiwa ay siya'y tinawag nitó, hinawakan sa kamay at ilinagay sa kaniyang palad ang mga ilang salaping papel.

—¿Ano iyan?—ang tanong ni Maring.

—Iyan ay salapi,—ang sagot ng insik.

—¿At bakit mo ibinibigay sa akin?—ang ulit ni Maring.

—Inihahandog kong talaga sa iyo,—anang insik,—at mamayang gabi ay dadalaw ako sa inyong bahay.

—¡Ah!,—ang bulas ni Maring.—¿Ibig mong bilhin ang aking kahirapan? Nagkamali ka. Ang buhay mo at sampu pa ng iyong boong angkan ay hindi magkakasiyang ibayad sa aking kadalitaan.

Isinauli ni Maring ang salaping papel, at hiningi lamang ang nararapat sa tatlong araw na kaniyang pangangasiwa sa tindahan, at saka umuwi.

—Masama ang maganda,—aniya sa sarili.—Mabuti pa ang pangit.

At sapol pa noon si Maring ay hindi na nagkotso, hindi na nagsinelas, hindi na nagbakya, at hindi na inayos ang kaniyang bihis.

Unti-unti ay naubos ang kaniyang kinitang salapi.

Nang siya'y wala ng sukat na maipakain sa kaniyang mga anak, ay ipinagbili namán, kahit mura, ang kaniyang mga tapayan, kalan, palayok, pingan at iba pang kasangkapan. Ang pinagbilhan ay pinuhunan sa pagtitinda ng mais. Akala niya'y kung magtubo, ay muling makabibili ng kasangkapan.

Nagtinda nga siya ng mais sa tapat na kaniyang bahay, nguni't siya'y dinakip ng pulis, dahil daw sa siya'y walang licencia.

Kinabukasan ay siya'y nahatulang "magmulta" ng limang piso. Sapat na sapat lamang na ibinayad sa multang ito ang lahat na pinagbilhan niya ng mga tapayan, palayok, kalan, pingan at iba pang kasangkapan.

Ngayon ay wala na siyang maipagbiling ano man, at wala rin siyang kaunti mang salapi.

Ang kaniyang mga anak ay nag-iiyakan at humihingi ng pagkain. Nangaglalambitin sa kaniyang liig at nagsisidaing ng gutom. Kulang lamang ay di maulol si Maring. Sinasabunutan ang kaniyang buhok. Ibig niyang tumangis, nguni't napakalaki ang pagtitiis, kaya walang tumulo kapatak mang luha, at malalagot mandin ang kaniyang hininga.

Biglang napasigaw sa malaking tuwa. Naalaala niya ang kaniyang ngiping ginto, yaong ngiping pinakadakilang palamuti ng kaniyang marikit na bibig. Binunot niya ang nasabing ngipin sa kaniyang gilagid at naipagbili ng dalawang piso.

Ibinili ng pagkain ang kaniyang mga anak, at ang natira ay ipinamili ng isdang sariwa sa Bangkusay, at ipinagbili sa Divisoria.

Lubhang mabili ang kaniyang tindang isda at hindi niya halos malaman ang kaniyang harapin sa maraming tumatawad.

Nabiling lahat ang kaniyang isda.

¡Anong laki ng tuwa ni Maring!

Akala niya'y malaki ang kaniyang naging tubo kaya't naisipan niyang ibili ng damit ang kaniyang mga anak. Ang suot nila sa katawan ay gutay-gutay na at wala siyang maihalili.

Dinampot sa lupa ang kaniyang bilao, siya'y tumindig, at samantalang dinudukot sa kaniyang lukbutan (bursa) ang kaniyang pinagbilhan ay aniyang nagsasalitang sarili:


—Ibibili ko ng kakanin ang aking mga anak at ngayon pa lamang sila makatitikim ng...

Siya'y biglang namutla. Nanginig ang kaniyang boong katawan at nanglumo. Siya'y napalupagi sa lupa. Nagdilim ang kaniyang tingin at malalagot mandin ang hininga. Pagdukot sa kaniyang lukbutan ng kaniyang kamay, ito ay lumusot sa kabila. Wala siyang nasalat kahit isa mang belis. Ang kaniyang lukbutan ay ginupit at pinutol ng mga mangdurukot.

Ang malaking tuwa ni Maring ay biglang napalitan ng lalong malaking hapis. Ang kaniyang pangarap na buhay ay biglang napalitan ng masidhing hapis.

Siya'y susuray-suray na umuwi ng bahay, namamalisbis ang kaniyang matipid na luha, at kulang lamang ay di mawasak ang kaniyang dibdib.





KABANATANG III.

Pusong Matibay

Kapapanhik pa lamang ni Maring sa kaniyang bahay, ay dumating si D. Eduardo Sanchez.

Sa kabila ng mahigit sa apat na taong lumipas, ay nagkitang muli ang dating nagkakasintahan, ang dalawang pusong biglang pinagwalay ng saliwang palad noon pa namang malapit ng magkabuluhan sa haba ng buhay.

Sa unang pagpipinkian ng dalawang tingin, anaki ay nagbalik na lahat ng panahong lumipas; anaki ay muling nanariwa yaong nasangal na pagmamahalan.

Si D. Eduardo ay kinabahan, dahil sa kaniyang pagsinta kay Maring. Kinabahan din si Maring, dahil naman sa kaniyang pagmamahal kay Gonsalong ama ng kaniyang mga anak.

Maluwat na hindi nakaimik ang dalawa.

Pagkamasid ni D. Eduardo doon sa halos gibang dampang walang anó mang kasangkapan, pagkamasid niya kay Maring at sa mga batang may gutay gutay na damit, kulang lamang ay di mawasak ang kaniyang puso sa malaking habag.

—¿Kaninong mga anak itó?—ang kaniyang tanong.

—Mga anak ko,—ang sagot ni Maring.

Parang linason ang pag-iisip ni D. Eduardo. Kaniyang napagnilaynilay, na kung hindi inagaw ang kaniyang kasintahan, ay siya’y may dalawa na sanang anak na gaya rin noong dalawang batang kaniyang pinagmamasdan.

Maluwat na namang kapuwa hindi nakaimik ang dalawá.

Sa akala ni D. Eduardo ay kung nandoon lamang sana si Gonsalo, ay sampu man ang kaniyang buhay ay kulang pang ibayad sa kapaslangang kaniyang ginawa. Pag-agaw niya kay Maring, ay parang inagaw sa kaniyang puso ang lahat ng tuwa sa sangsinukuban.

—Maring,—ani D. Eduardo,—¿Nalimutan mo na bagá ang kanitang pagsisintahan?

Si Maring ay hindi nakasagot: siya’y nahahabag sa napakalumbay na anyo ni D. Eduardo: ang tingig nitó ay lubhang kalunos-lunos; basag na anaki tingig ng pusong tumatangis.

—Ikaw, Maring,—ang dugtong ni D. Eduardo,—ay hindi mo tinupad ang iyong pangako sa akin, at nag-asawa ka kay Gonsalo; datapuwa’t akó, akó ay tumupad sa aking pangako sa iyó, at ang katunayan ay ako’y bagong-tao hangga ngayon.

—Hindi akó nakatupad,—ang pakli ni Maring,—hindi dahil sa kusang pagtalikod sa iyó, kungdi dahil sa kusang paghabol ko sa aking puring nalugso.

—Si Gonsalo ay taksil,—ani D. Eduardo,—nguni’t ikaw ay banal. Ikaw ay hindi mangyaring suminta kay Gonsalo, sapagka’t ang kabanalan ay hindi dapat suminta sa kataksilan.

—Ang kataksilan,—ang tugon ni Maring,—kung hinggil sa pag-ibig, ay mangyayaring hugasan ng kapatawaran ng pinagtaksilan. Dahil dito, sakali mang si Gonsalo ay nagtaksil laban sa aking puri, ay siya’y malinis na ngayón, sapagka’t siya’y pinatawad ko ng lubos.

—¿At papaano ang kanitang pagsisintahan?—ang malumbay na tanong ni D. Eduardo.

—Paglabanan mo,—ang sagot ni Maring,—gaya ng aking paglaban hangga ngayon. Akalain mong kapag ako’y nabuwal sa putik, ay mapuputikan din sampu ng aking mga anak.

—Ikaw ay dinaya ni Gonsalo,—ang dugtong ni D. Eduardo.—Siya’y hindi napatungo sa Mindanaw, kungdi sa Hawaii.

Si Maring ay biglang namutla. Ngayon niya napagnilay-nilay ang dahilan ng maluwat na di pag-uwi ng kaniyang asawa.

—Siyá’y babalik din dito,—ang kaniyang sagot.

—Hindi mo na siya’y makikita kailan pa man,—ang tutol ni D. Eduardo,—sapagka’t matunog ang balitang siya’y nag-asawa na doon.

Hindi nakakibo si Maring. Biglang sumagi sa kaniyang puso ang masidhing kamandag ng panibugho.

Datapuwa’t palibhasa’y siya’y may katutubong lakás, kaya agad niyang dinaig ang gayong udyok, at pagdaka’y sumagot ng banayad:

—Ako’y hindi naniniwala,—aniya.

—Maniwala ka't marami ang nagbabalita ng gayon,—ang ulit ni D. Eduardo.—Hindi mo na makikitang muli si Gonsalo.

—¿Papaanong hindi ko siya makikita,—ang tugon ni Maring,—sa talagang siyá'y nakikita ko nga sa lahat ng sandali? Si Gonsalo ay hindi nakakanlong kailan pa man sa mga mata ng aking pag-iisip.

—¡Oh Maring!—ang buntong hininga ni D. Eduardo.—¡Anóng katigas ng iyong puso! ¡Walang pinag-ibhan sa batong hindi mapayanig ng malumbay kong himutok! Ikaw ay minahal kong mahigpit pa kay sa aking sariling buhay; nguni't ikaw ay pinagtaksilan at kinaladkad sa burak ni Gonsalo. ¿Sino sa aming dalawa ang iyong minamabuti?

—Ako'y minahal mong mahigpit pa kay sa iyong sariling buhay, at ikaw ay minahal ko ring mahigpit pa kay sa aking pagkatao, nguni't kita'y hindi magkaisang palad. Tunay din naman ang wika mong ako'y pinagtaksilan ni Gonsalo, nguni't siya naman ay naging kabiyak ng aking kaluluwa't katawan, at dahil dito ay katungkulan kong damayan siyá sa lahat ng bagay. Ang amá ng aking mga anák ay mamahalin ko hanggang sa libingan.

—¡Anong kalupit mo, Maring!—ang hibik ni D. Eduardo.—Ikaw ay sininta kong taimtim, mahigit kay sa lahat ng pagsinta sa silong ng langit. Ang pagkapanganyaya mo kay Gonsalo ay tinanangisan ko ng walang lubay, gabi't araw sa lahat ng sandali...—“Lumubog na si Maring”—ang aking himutok sa tuwi-tuwi na.—“Lumubog na ang araw ng aking pag-iisip, ang sula ng aking buhay, ako'y linisan at hindi na babalik, kaya dapat na siyang limutin.” Nguni't ¡ay! Samantalang pinagpipilitan kong katkatin sa aking guniguni ang iyong ala-ala, ang iyong larawan naman ay lalo pang nalilimbag sa kaubud-uburan ng aking kaluluwa.

“Sapol pa noong gabing ikaw ay agawin ng mga buhong ay hindi na ako nakakain at hindi na ako nakatulog. Inakala kong natapos na ang mundo sa akin. Sa boong buhay ko ay walang ibang tumitibok kundi pawang kamatayan.

“Tunay nga sana at sa kabila ng kamatayan ay may namamanaag na walang katapusang ligaya sa langit, nguni't,... nguni't ligayang luksa, kasayahang mapanglaw, langit na malungkot, sapagka't ikaw Maring, ay wala ka doon. ¿Anhin ko ang langit, kung ikaw ay naritó sa lupa?

“At sapol pa noon ay ako'y lumakad na walang tinutunguhan, ako'y nagngingitngit na walang kinagagalitan; akó'y tumatawa ng walang kinatutuwaan; ako'y nagsasalita ng walang kinakausap... Saka... Saka biglang lumabo ang aking pag-iisip. Ewan kung anó ang nangyari, nguni't,... nguni't naparam sa akin ang boong linaláng.

“Lumipas ang kung ilang taon. Nanag-uli sa akin ang nawala kong pag-iisip. Pinagmasdan ko ang aking kinalalagyan, at... ¿Nalalaman mo ba kung saan akó nandoon? ¡Sa San Lazaro!”

—¿Bakit?,—ang biglang tanong ni Maring.—¿Nagkasakit ka bagá?

—Hindi akó nagkasakit,—ang sagot ni D. Eduardo.—Akó lamang ay NAULOL.

Sabay tumalon ang luhang kangina pa gumigilid sa kanilang mga pilikmata.

—Ako'y kakaiba, Maring, sa lahat ng tao,—ang baság na tingig ni D. Eduardo.—Kung kailan ako'y ulól, ay noon akó matino; at kung kailán akó matino, ay noon ako ulol.

—¿Bakit namán?,—ang malumbay na tanong ni Maring.

—Dingin mo,—ang tugon ni D. Eduardo.—Noong ako'y ulól at nakakulong sa San Lazaro, ay ako'y tahimik at ako'y nakakakain, ako'y nakakatulog ng mahimbing at ako pa raw ay masayá. Nguni't ngayong ako'y matino na, ay ako'y balisá, lagalag na walang pinatutunguhan hindi akó makatulog, at wala akong kinakain kungdi ang mapait kong luha, mabisang pait na nagsusumiksik hangang sa kaubud-uburan ng puso kong naghihingalo.

—At sapol pa noong ako'y tumino, ikaw ay hinanap kong walang lubay sa mga gubat at parang. Nabalitaan ko ngang ikaw ay nagbalik dito at iniwan ka ni Gonsalo. At ngayong kita'y nakikitang may wasak na damit ngayong maputla ka't naparam na ang dating luningning ng iyong hiwagang karikitan, ngayong ikaw ay may dalawa ng anak, ngayong nalugso na ang iyong dalisay na puri, ngayong ayaw ka ng batiin at kinaiinipan ng magdarayang buhay, ay ngayóng pa kita lalong sinisinta, ngayón pa kitá lalong dinadalanginan. Maring, ¿nalalaman mo kung kaya gayón? Dahil sa ang sinisinta ko sa iyó ay hindi ang abang katawan, kungdi ang kalooban mong wagas pa kay sa sinag ng araw, ang kaluluwa mong kaluluwang virgen. Maring, Maring, mahabag ka na sa akin. Kapag-hindi ka lumingap sa aking mga daing, ay pagka-asahan mong ako'y mamamatay sa madaling panahón, kungdi kaya ako'y mauulol na muli.

Si Maring ay hindi sumagot ng kahit iisang bigkás. Samantalang naririnig ang mga hibik ni D. Eduardo ay parang naiinis ang kanyang hininga.

—¿Anó ang iyong kasagutan?—ang tanong ni D. Eduardo.

—Hindi mangyayari,—ang mátatag na tugon ni Maring.

—¡Hindi raw mangyayari!,—ang dugtong ni D. Eduardo.—Huwag ka ng mahabag sa akin: mahabag ka na lamang sa iyong mga anak at sa iyong sariling buhay. ¡Damit man ninyo ay wala...! Maring, ¿ibig mo na bagang kayo'y mangamatay ng gutom?

—Masakit nga sana ang mamatay ng gutom,—ang pakli ni Maring,—nguni't lalo pang masakit ang mamuhay sa kasamaan. Ako'y hindi mangyayaring suminta sa iyo.

Maluwat na di nakakibo si D. Eduardo, at pagkatapos nagnilay-nilay ay nagsalita ng ganito:

—Maring, ikaw ay ibibilang kong parang tunay na kapatid, nguni't iligtas mo ang buhay ninyong mag-iina. Ako'y may inihahandang bahay na talagang titirahan ninyo: malaki at may maraming kasangkapan. Sa tabi nito ay may isang mahabang bahay na may sampung pintong sadyang paupahan. Ang malaking bahay na aking binangit, at gayon din ang may sampung pintuan ay inyong lahat, ari ninyong sarili, upang kayo'y may ipamuhay.

—Salamat,—ang sagot ni Maring,—nguni't hindi ko matatangap.

—¿Hindi mo matatangap at bakit?,—ang nangigilalas na tanong ni D. Eduardo.—Ako'y hindi dadalaw sa inyo kailan pa man; hindi. Nalalaman kong ako'y hindi mo ibig makita at ikaw ay hindi ko bibigyan ng kahit munting samá ng loob. ¿Nalalaman mo bagá Maring kung bakit ipinagkaloob ko sa inyó ang aking dalawang bahay? Sa pagka't ako'y ulila sa ama't sa ina, walang kapatid, walang kamaganak, walang kaibigang tapat. Dahil dito ay hindi ko ibig na ang aking mga ari-arian ay masayang bukas ó makalawang ako'y mamatay ó muli kayang maulol.

Sabay na napatangis ang dalawa.

Sa tingig ni D. Eduardo ay may kahambal-hambal na tunog na anaki hibik ng naghihingalo.

—¿Tatanggapin mo?,—ang nabubulunan niyang tanong.

—Hindi,—ang matatag na sagot ni Maring.

—¿Bakit?,—ani D. Eduardo.

—Hindi nga sana masama,—ang tugon ni Maring,—kung tanggapin ko naman ang iyong handog; nguni't, ¿ano kaya ang wiwikain ng madla? Nalalaman ng lahat ng tao na kita'y nagkasintahan, at kung tatanggapin ko ang iyong bahay, ay may magsasabi kayang ako'y hindi mo...

—Sabihin nila ang ibig sabihin,—ani D. Eduardo.—Kung ikaw ay walang ginagawang masama ay...

—Hindi gayon,—ang sabat ni Maring.—Hindi kailangang libakin man ang talagang gumagawa, ng masama. Nguni't kung ang hindi gumagawa ng masama ay siyang libakin, dahil sa siya'y nagbigay ng daan, upang siya'y... ¡Ah! Hindi mangyayari. ¡Eduardo, hindi mangyayari!

Si Eduardo ay tumindig. Hindi niya malaman kung dapat niyang kagalitan, sintahin ó igalang ang babaying yaón; nguni't ibig manding masira ang kaniyang pagiisip.

—Huling tanong—aniya,—¿tatanggapin mo ó hindi?

—Hindi,—ang matatag na sagot ni Maring.

Ang sagot na itó ay nakasabay ng sigaw ng mga bata.

—Inang,—anilá,—nagugutom na kami.

Pagkaringig ni D. Eduardo sa daing ng mga bata ay siya'y nangatal sa malaking lunos.

Binuksan ang kaniyang "cartera," kumuha ng sampung salaping papel na tigdalawang puong piso bawa't isa, at kaniyang inilagay sa ibabaw ng hapag ng dambana.

Pagkakita ni Maring sa salapi, ay siya'y kinabahan, nangdidilat ang kaniyang mga matá, at tila wari ibig niyang damputin. Nanglamig ang kaniyang boong katawan, parang umakiat sa kanyang ulo ang lahat niyang dugo, at tila mandin masisira ang kaniyang pag-iisip. At hindi nga malayong magkagayon, sapagka't si Maring ay maluwat nang hindi nakakakita ng gayong karaming salapi. Dalawang daang piso. Hindi man lamang niya napangarap ang gayong kayamanan, saka ngayon ngayón ay tinatanaw niya sa ibabaw ng kaniyang dambana, at ipinagkaloob pa sa kaniya.

Gayon pa man, palibhasa'y si Maring ay may katutubong hinhin, ay nanaig ang kaniyang gawing bait; saka nagsalita ng banayad.

—¿Anóng salapi iyan?,—ang kaniyang tanong.

—Iyan ay handog ko sa mga bata,—ang sagot ni D. Eduardo.

—Salamat,—aní Maring,—nguni't hindi ko matatanggap.

—¡Inang!,—ang halos nakapanabay na sigaw ng mga bata.—Kami ay nagugutom.

Ang hibik ng mga paslit ay tumagos hanggang sa kaibuturan ng kaluluwa ni Maring.

—¿Hindi mo tatanggapin?,—ang ulit ni D. Eduardo.

—¡¡¡Inang!!!,—ang sabat ng mga bata.—¡¡¡Kami ay nagugutom!!!

—Hindi ko tatanggapin,—ang matatag na sagot ni Maring.

Kinuha niya ang salapi sa dambana, hinawakan ang kamay ni D. Eduardo, saka inilagay ang salapi sa kaniyang palad.

—Kapag tinanggap ko ang iyong salapi,—aniya,—ay hindi mangyayaring hindi ko rin tangapin ang iyong pag-ibig. Eduardo sinabi mong kami ay iyong minamahal. Kung gayón ay dapat kang mahabag sa akin, dapat kang mahabag sa aking mga anak, at huwag mong ipilit ang iyong salapi. Ibig mo na bagáng ang aking mga anak ay tawaging anak ng...

—¡¡¡Sus!!!,—ang piping sigaw ni D. Eduardo at biglang umalis na anaki'y ulol.





KABANATANG IV. Inang Malingap

Ang mga bata'y nag-iiyakan at humihingi ng pagkain.

Si Maring ay nanghiram ng gunting sa isang kapit-bahay at pinutol ang kaniyang mayabong na buhok saka binalot ng papel.

Pagdaka'y pinanyuan ang ulo at nanaog.

—¿Baka po may nais kayong bumili ng buhok?,—aniya sa isang taong nasalubung sa daan.

—Tingnan natin,—ang sagot ng kausap.

Matapos makita nito ang buhok, ay pinagmasdang mabuti si Maring, at ng makita ang kaniyang marálitang anyó at pananamit, ay siya'y pinangdilatan.

—¿Saan mo ninakaw ang buhok na iyan?—aniya.

—Hindi ko po ninakaw,—ang sagot ni Maring.

—¿Hindi mo ninakaw?,—ang ulit ng kaniyang kausap.—¿At saan ka kumuha ng ganiyan kagandang buhok? Ang mga mayayaman ay siya lamang nagkakaroon ng buhok na ganiyan karikit, at ikaw ay hindi ka mayaman.

—Kung ayaw po ninyong bilhin ay huwag,—ani Maring.—Hindi ko naman ipinamimilit.

At siya'y umalis.

Nagkátaon ay may nagdadaang pulis sa pook na yaon. Itó ay kinalabit ng kausap ni Maring.

—¿Nakikita ba ninyo ang babaing yaon?,—aniya.

—Opo,—ang sagot ng pulis.

—Habulin ninyó, at iyan ay magnanakaw,—anang nagsumbong.—Kagabi, ang isa kong kapit-bahay ay ninakawan ng maraming hiyas. Ang gayon ay alam na ninyó marahil, sapagka't ipinagbigay alam na sa pamunuan ng pulis. Kasamang nawala ng mga nasabing hiyas ang isang mayabong na buhok na talagang gagawing postiso ng may-ari. Ang buhok na sinabi ko ay dala at ipinagbibili ng babaying yaon.

—¿Siya nga ba?,—ang biglang tanong ng pulis, saka matuling hinabol si Maring.

—Oy,—ang tawag sa kaniya.—¿Anó iyang dalá mong nakabalot?

—Buhok po,—ang sagot ni Maring.

—Tingnan ko,—anang pulis.

Ibinigay ni Maring ang buhok.

Binuksan ng pulis ang balutan, at pagkakita sa buhok, ay muling binalot at isinilid sa kaniyang lukbutan.

—Sumama ka sa akin,—ang utos kay Maring.

Si Maring ay parang napaakyat sa langit inakala niyang bibilhin ng pulis ang kaniyang buhók.

—¿Bibilhin po ba ninyó?,—ang kaniyang masayang tanong.

—Oo, bibilhin ko,—ang tuya ng pulis.—Halina at sumama ka sa akin.

—Mahaba pong buhok iyan at mayabong, bukod sa malinis at makinang,—aní Maring samantalang sila'y lumalakad.

Sila'y nagtuloy sa cuartel ng pulis sa Tundó.

—¿Bakit po dinala ninyó akó dito?,—ang tanong ni Maring.

—Huwag kang kumibo,—ang kagulat-gulat na bulas ng pulis saka itinulak si Maring sa bilangguan, at isinima ang pinto.

Si Maring tumangis ng di gayon lamang. Naala-ala niya ang mga batang iniwang gutom.

Siya'y parang ulól sa loob ng bilangguan: tumatadyak sa sahig, kinakalampag ang pinto, saka sumigaw ng ubos lakás.

—Ako'y ilabas ninyó dito,—anang aba.—Wala akong ginagawáng kasalanan. ¿Bakit at ako'y ibinilanggo ninyo?

Binuksan ng sargento ang pinto, at pagkakita sa kagandahan ni Maring, ay kaniyang linapitan.

—¡Kay ganda mo!,—ang kanyang biro.

—¿E di kasi ako'y ibinilanggo ninyo dahil sa ako'y maganda?,—ani Maring.—Pagbabayaran ninyó sa akin itó: ako'y magsasakdal sa mga pinuno.

Anaki'y tinampal ang sargento sa pangahás na banta ni Maring.

—Doon sa Bilibid ka magsakdal.

—¿Anong Bilibid?,—ang nagngingitngit na tanong ni Maring.—¿Bakit? ¿Anó bagáng kasalanan ang nagawa ko? Siya'y tinitigan ng sargento.

—¡Kay gandang magnanakaw nito!,—aniya, saka biglang isinima ang pinto.

Ang salitang “magnanakaw” ay narinig ni Maring, nguni't hindi niya natausan ang kahulugan.

—¿Akó kaya ang pinanganlang magnanakaw?,—ang tanong sa kaniyang sarili.—Hindi: ako'y nagkarirangan lamang. ¿At sino sa sangdaigdigan ang makapagsasabing ako'y magnanakaw?

Muling kinalampag ang pinto.

—¡Teniente! ¡Capitan!,—ang kaniyang ubos lakás na sigaw.

Muling binuksan ng sargento ang pinto ng bilangguan, may dalang yantok na pamalo, pumasok at hinampas sa mukha si Maring.

—¡Huwag kang maingay!,—ang kaniyang kakilakilabot na bulas.

Nagputok ang tinamaan ng dulo ng mabangis na yantok. Sinugod ni Maring ang sargento at pinan-gigilang kinagat sa kamay. Bumaón ang kaniyang mga ngipin sa kamay na kinagat, tumalsik ang dugo, nawaray ang laman, kaya't nakabitiw ang mga nagngangalit na ngipin, nguni't bigla niyang binaltak at inagaw ang malupit na yantok, at ubos lakás na inihampas sa mukha ng sargento. Tumama sa matá nitó ang dulo ng yantok, at nagputok ang balintataw ng kaniyang matá.

Pumasok sa bilangguan ang mga kawal, hinawakan si Maring at saká ginapos.

—Naulol, naulol,—anilang lahat.

Dumating ang Capitán.

—Huwag po kayóng lumapit,—anang mga kawal,—sapagka't siya'y naulól.

—Silá po ang naulol,—ani Maring sa Capitán.—Tingnan po ninyó, ginoong Capitán, ako'y ibinilango nila, pinapagputok nila ang aking mukha, at ako'y ginapos pa nilá, sa ako'y walang ginagawang kasalanan.

Ang Capitán ay pumasok sa kaniyang tangapan.

—Alisan ninyó ng gapos ang babaying iyan at iharap sa akin,—ang kaniyang utos.

Ipinag-utos ng isang kabo sa mga kawal na alisan ng gapos si Maring at ilabás sa bilangguan.

Ang mga inutusan ay naghihiliang tumupad sa utos. Sila'y natatakot na baká sila'y bunuin ng “ulol”.

Ang kabo, bagá ma't malaki rin ang pangambá, sa takot sa Capitán ay siya na ang tumupad sa utos.

Dahan-dahan niyang binuksan ang pinto, sumilip muna, tinanaw ang kinatatakutang “ulol”, at pagkakitang itó ay tumatangis na mag-isa, nakalupagi sa sahig, ay biglang sinugod at hinawakan sa kamay, at inalisan ng gapos.

Paglabas sa bilangguan ni Maring, ay inirapan ang mga kawal na kaniyang nadaanan. Ang mga itó ay nagsipangatal ng takot.

—¡Kay tatapang na mga kawal!—ani Maring.

Siya'y iniharap sa Capitán.

—¿Sino ang humuli sa babaying itó?—ang usisa ng Capitán.

—Akó po,—ang sagot ng isang kawal na kaharap.

—¿Anó ang kaniyang kasalanan?,—ang ulit ng Capitán.

—Siya po ang nagnakaw kagabi ng mga hiyas at buhok sa bahay ni D.a Consuelo Jimenez. Ang buhok po ay lumitaw na, at kaniyang ipinagbibili: narito po.

At ibinigay ng kawal ang buhók sa Capitán.

—¿Saan mo kinuha ang buhok na ito?—ang tanong ng Capitan kay Maring.

—Ang buhók pong iyan ay akin,—ang sagot ni Maring.

—Oo nga at iyo,—ang ulit ng Capitán;—nguni't, ¿saan mo kinuha?

—Sa ulo ko po,—ang tugon ni Maring.

Saka inialis ang kaniyang panyo sa ulo.

Biglang namangha ang lahat na kaharap. Maliwanag ang katunayang ang buhok ay hindi nga nakaw. Ang kulay at putol nitó ay kaisá at kaakma ng may mga isang dangkal na naiwan sa ulo ni Maring.

Tiningnan ng matang nangliliskit ng Capitán ang kawal na dumakip kay Maring, at isinauli sa kaawa-awang babayi ang kaniyang buhok.

—¿Sino ang pumutol ng iyong buhok?,—ang tanong ng Capitán kay Maring.

—Akó po,—ang sagot nitó.

—¿Bakit mo pinutol?,—ang ulit ng Capitán.

—Ipinagbibili ko po,—ang tugon ni Maring:—ako’y walang sukat na maipakain sa aking mga anak.

—Umuwi ka na at ipagbilí mo,—anang Capitán.

—¿At papaano po itong mukha kong nagputok?,—ang tanong ni Maring.

—Ikaw ay nakagantí na,—ang sagot ng Capitán,—sapagka’t binulag mo naman ang sa iyo’y pumalo.

—Hindi po kailangang ang siya’y mabulag man,—ang tutol ni Maring,—sapagka’t ako’y kaniyang tinampalasan, nguni’t pinapagputok niya ang aking mukha, gayóng ako’y walang munti mang kasalanan.

—Tunay nga,—ang pakli ng Capitán,—at dahil dian ay asahan mong mapaparusahang lahat ang mga lumapastangan sa iyo.

Si Maring ay nagpa-alam, muling pinanyuan ang kaniyang ulo, matuling lumabás sa kuartel at napatungo sa dako ng simbahan. Siya’y lumapit sa isang tindahang bayan.

—¿Baka po ibig ninyong bumili ng buhok?

—Tingnan po natin,—ang sagot nitó.

Ibinigay ni Maring ang buhók. Nagdumami ang mga nanonood na tao.

—¿Karikit na buhok!,—anang isá.

—At mahaba,—ang saló ng isá pá.

—Mainam nga sana,—ang katlo ng may tindahan,—nguni’t buhok ng patay.

—Iyan po’y buhók ng buhay,—ang tutol ni Maring.

—Buhók nga ng patáy,—anang isang babaying nandoon.—¿At sino ang buháy na puputol ng ganiyan kagandang buhok?

Ibig na sanang sabihin ni Maring na iyon ay kaniyang buhok, nguni’t doon ay maraming tao, at ikinahihiya niyang ipakita ang kaniyang ulong gapas.

Siya’y umalis at humanap ng ibang tindahan nguni’t gaya rin ng una, ay siya’y pinagkulumutan ng maraming tao, at sinabi niláng iyon daw ay buhok ng patay. Hindi nilá makayang paniwalaan na ang isang babaying buháy ay magputol ng gayóng karikit na buhok.

Umalis na naman si Maring, datapuwa’t biglang sumagi sa kaniyang bait ang nagugutom na iniwang anak sa bahay, kaya’t agad nagbalik sa tindahang pinangalingan.

Gaya rin kangina, ay nagdumami ang mga tao.

—Hindi po buhok ng patay ang aking ipinagbibili,—aniya—itó po ay buhók ng buháy, at ang katunayan ay narito.

Inalís ni Maring ang panyo sa kaniyang ulo.

Naghalakhakan ng tawa ang mga taong nandoon pagkakita nila sa ulong gapas ni Maring. Inakala nilang itó ay ulol.

Palibhasa’y nakikita nilang si Maring ay na sa malaking kagipitan, kaya binabaratán ang halaga ng kaniyang buhók. Talagang gayón sa buhay na ito: kung sino na nga ang nalulunod, ay siyang lalong pinagdidiinan.

Sa dalawang puong piso man ay mura pa ang buhók ni Maring, nguni’t natawaran lamang ng dalawang piso. Ng makita niyang ayaw ng sumulong ang tawad, ay ibinigay na niya sa nasabing halagang dalawang piso.

Siya’y bumili ng tinapay at mantequilla, halos tumatakbong umuwi ng bahay at kanyang pinakain ang mga batang gutom.

Ang Capitán ng pulis ay tumupad sa kaniyang pangako. Ikatlong araw ay nangatiwalag sa kanilang tungkulin, ang kawal na dumakip kay Maring at ang nabulag na sargentong nagpapatok ng kanyang mukha. May balitang ang sargentong itó, ng wala ng makain, ay namuhay sa mga gubat at nanulisan.

Isang lingo pa lamang ang lumipas, si Maring ay wala na namáng maibili ng pagkain.

Ang kaniyang mga anak ay nagiiyakan ng gutom.

Wala nang mahirap kalabang gaya ng mga bata. Hindi nilá nalalaman ang kahirapan, at walang taong may matigás na loob na makalalaban sa kanilang daing. Ang kalaban ni Maring ay dalawang batang lalaking kalikutlikutan. Si Maring ay nakalaban sa isang mabangis na sargento; at kasalukuyang lumalaban sa salot ng kahirapan, nguni’t siya’y hindi mandin makalaban sa hibik ng dalawang batang humihingi ng pagkain.

Sa likot ng mga bata, ay kinuha ang Santo Cristo sa dambana at pinagbali-bali nila. Dinatnan ni Maring na kagat ng bunso ang isang paa ng nasabing Santo Cristo.

—¿Bakit sinira ninyó ang Santo Cristo?,—ang tanong ni Maring sa mga bata.

—Ako’y nagugutom,—ang sagot ng matabil na bunso,—kaya kinakain ko ang kaniyang paa.

Si Maring ay parang tinarakan sa puso.

Kinuha niya ang bali-baling Santo Cristo, pinulot sa sahig ang mga paa at kamay na natanggal, iginapos sa cruz at muling ipinako.

Sa lagay na iyon ni Maring ay kahalintulad ng mga judiong nagpako kay Cristo; ang kahigitan lamang ni Maring, bukod sa ipinako niya ang kaniyang Cristo, ay binilibiran pa ng gapos na kawad sa Cruz, buhat sa paa at sa kamay hangang liig.

Si Maring ay nanaog, dalá ang kaniyang Santo Cristo, at ipinagbibili sa mga bahay-baháy.

Ngayon namán ay siya’y tulad kay Judas. Ang kaibhan lamang ay ang pagbibili nitó kay Cristo sa halagang tatlong puong salapi; datapuwa’t ang Cristo ni Maring ay mura at ipinagbibili lamang sa halagang “isang salapi”.

At sa halagá mang itó ay wala pang makabili, sapagka’t ang Cristo ni Maring ay Cristong nagkapilay-pilay, Cristong nagkabali-bali ang mga kamay, paa, baiwang at liig.

Si Maring ay napatungo sa Divisoria at doon niya ilinako ang kaniyang Santo Cristo.

Siya’y nasagasaan ng isang nagtutumuling may pasáng batulang, tumapon ang Santo Cristo sa bató at gumulong sa putik.

Pinaliguan ni Maring sa grifo ang kaniyang Santo Cristo, at pagkatapos, ay nakita niyang tapias ang ilong, bungsi ang labi at bulag ang mata.

¡Caawa-awang Santo Cristo! Sa lahat ng Santo Cristo sa sanglibután ay malaki ang pinagdaanang hirap ng Santo Cristo ni Maring.

Siya’y may natanawang isang kamatis na sirang nakatapon sa pangsol (canal) sa tabi ng kabiak na tinapay. Maliksi niyang dinampot kapuwa, tinakpan ng mangas ng baro ang kaniyang bibig, saka minsang isinubo ang kamatis. Siya’y nahihilo na ng gutom.

Anyó na namang isubo ang tinapay, nguni’t biglang natigilan, iniurong ang kaniyang kamay sa bibig at isinilid ang tinapay sa lukbutan. Naalala niya ang kaniyang mga anak, at ang tinapay ay itinira sa kanilá.

Nadaan niya ang matong ng layak. Matuling linapitan ni Maring, dinampót ang isang sirang bayabas na doo’y kaniyang nakitang nakatapon; nguni’t siya’y biglang itinulak ng isang sanitario, inagaw nito ang bayabas sa kamay ng kaawa-awang babayi, muling itinaon sa matong, at siya pa’y pinagbantaang dadalhin sa kuartel.

Si Maring ay tumangis, hindi dahil sa siya’y nasaktán, kundi dahil sa bayabas na hawak na niya’y sinambilat pa sa kaniyang kamay.

—Inagaw sa akin ang bayabas,—aniya sa sarili,—at ibinigay lamang sa matong ng layak. ¡Mahal pa kay sa akin ang matong na iyan!

Mawiwika marahil ng ginoong bumabasa na si Maring ay hindi dapat dumanas ng gayong kalaking hirap, sapagka’t dito sa Filipinas ay marami ang madudulugan at mahihingan ng pagkain, damit at ibá pa. Nguni’t ¿anó kaya ang magagawá natin, kung si Maring ay siyang aayaw manghinging talaga? Si Maring ay dalá na. At bukod sa kasamaan ng kapwa tao na kaniyang dinanas, na walang ibang adhika kundí ang siya’y paglaruan, ay siya’y may katutubong mataas na loob, maramdaming dangal at matibay na pananalig sa lakas niyang sarili sa laot ng kahirapan. Ang mga taong gaya ni Maring ay maaaring mangamatay ng gutom, nguni’t hindi maaaring kailan pa man ang sila’y sumuko sa magdarayang biro ng buhay.

Si Maring ay nagtuloy sa sadsaran (muelle) at doon naman inilalako ang kaniyang Santo Cristo.

Makapal ang taong umahon, galing sa isang sasakyang bagong dating.

Si Maring ay sumalubong.

—Bilhin na pó ninyó itong Santo Cristo,—aniyang sumisigaw.

Siya’y biglang niyakap ng isang lalaking payat, maputlá at susuray-suray.

—¡Maring!,—anang lalaki.

Siya’y liningon ni Maring, at...

—¡Gonsalo! ¡¡¡Gonsalo ko!!!,—ang kaniyang matalim na sigaw, at biglang hinimatay.

Si Maring ay madaling isinakay ni Gonsalo sa isang calesa at saká siya inuwí ng bahay.

Ng mahimasmasan si Maring ay na sa kandungan siya ng kaniyang asawa sa kanilang bahay.





KABANATANG V. Asawang Mairugin

Si Gonsalo ay nangaling sa Hawaii. Malubhá ang sakit, at walang dalang salapi kundí ang lilimang pisong napag-arimuhanan niyang inawás unti unti sa kaniyang pamumuhay doon, sa loob ng mahigit sa isáng taóng di kawasang pagod.

Siya'y naka-uwí dito, sapagka't ang isá niyang kaibigang magdaragat ay siya'y lihim na pinapasok sa sasakyan, ng ito'y malapit ng tumulak. Si Gonsalo ay bumaón sa bunton ng uling na bato at ng sila'y malayo na sa Hawaii at saka pa lamang umahon sa kaniyang libingan.

Ng siya'y makita ng Capitan sa sasakyán ay siya'y nakagalitan ng di gayon lamang, nguni't wala ng mangyari at siya'y nakasakay na, lalo't hindi naman mangyaring patalunin siya sa dagat, at lalong hindi mangyari ang dahil lamang sa kaniya ay ibalik pa sa Hawaii ang sasakyan. Dahil dito, ay nagtuloy ng paglalayag at si Gonsalo ay kasama.

Pagdating sa Hongkong ay siya'y pinalunsad, nguni't, gaya rin ng una, sa pamamagitan ng isá niyang kaibigan ay siya'y lihim na nakapasok sa isang sasakyán at siya'y nagtago sa kinalalagyan ng mga baka, at doo'y hindi siya lumabas hanggang di sumadsad dito sa Maynila.

Kayá bagá ma't anong hirap, si Gonsalo ay nag pumilit umuwí dito, ay dahil nararamdaman niyang malalagot ang kaniyang hininga sa malaking hirap na naranasan sa Hawaii, ay ninais niyang makita muna, kahit sandali bago siya mamatay ang kaniyang sinisintang Maring at pinakamamahal na dalawang anak.

Sa makatuwid, ang dalawang batang alaga ni Maring ay nadagdagan pa ng isang may malubhang sakit.

Si Maring ay pumasok na alilá sa isang babaying americanang naninirahan sa Ermita. Pinagkasunduan nilang si Maring ay tatanggap ng walong pisong bayad sa bawa't buan, nguni't siya'y darating ng ika 6 ng umaga sa bahay ng kaniyang panginoon at sa ika 8 ng gabi saká lamang siya uuwí ng bahay.

Ang anak na panganay ni Maring ay mahigit na sa limang taóng gulang, at itó ay siyang sumisiyasat sa kaniyang amá at sa kaniyang kapatid na bunsó.

Sa pagkapa-alila ni Maring ay doon nakita ang kaniyang saganang kasipagan.

Madaling araw pa'y nagbabangon na't sinisiyasat ang asawang may sakit, ang dalawang anak, at ang boong pamamahay na iiwan sa habang maghapon.

Pagkatapos ay siya'y matuling susugod sa Ermita. Nagbubukang liwayway kung siya'y dumating sa bahay ng kaniyang panginoon. Pagdaka'y sisiyasatin na niya ang pagkaing agahan.

Ang mga cubiertos, pingan, vaso, serbilyeta at ibá pang gamit sa pagkain ay pawang maayos at malinis na lahá.

Bago magising ang kaniyang panginoon ay siya'y nagbabantay na sa tabi ng pinto ng kaniyang silid, pagtawag sa kaniya, saka pa siya papasok, ihahanda ang kaniyang hilamusan, hihiluran niya sa likod at sa bisig, huhugasan ang kaniyang mga binti at paa, susuotan niya ng medias, pakikintabin ang kanyang mga botitos, saka isusuot sa paa ng kaniyang dakilang poon, tutulungan pa niyang magbihis at magsuklay ng buhok, pagpapalain ang nalukot na hihigan. Paglabas ng kaniyang panginoon, at samantalang ito ay kumakain, si Maring ay nakatayo sa kaniyang harapán, upang sa kahit anó man lamang munting kailangan ay siya'y maliksing makapangasiwa.

Pagkatapos nitó saka pa lamang siya kakain sa tira ng kaniyang panginoon, malalaki ang subo hindi dahil sa siya'y gutóm, kungdi dahil sa siya'y nagmamadali, at ibig niyang agad magawa ang lahat ng bagay na dapat niyang siyasatin.

Bago pa lamang nakaiinom ng tubig ay kaniya ng hawak ang walís at linilinis ang buong bahay.

Bago manaog ang kaniyang panginoon ay siya'y binibigyan ng pisong maipamilya ng pananghalian at hapunan.

Pag-alis ng kaniyang panginoon ay kukuskusin na ng basahang may pitróleo ang sahig ng bahay, pagkatapos saka niya bubulihin ng basahang tuyo, matuling gumagapang upang madaling kumintab na anaki'y salamin. Sa gayong kalaking bahay nabubuli ni Maring sa loob ng sandali. Doon ay walang ibang alila kungdi si Maring.

Pagkatapos at saka lilinisin at aayusin ang lahat ng kasangkapan. Isa-isang inilalagay sa kani-kaniyang dapat kalagyan.

Didiligin pa ang maraming halaman ng kaniyang panginoon.

Kung matapos itó ay saka pa siya mamimili ng pagkain. Sisiw, ibon, isda, karné ó anó man kayáng pagkaing masarap at mura, huwag na di magkasiya lamang ang dalá niyang piso.

Pagdating ng kaniyang panginoon ay susuyuan niya sa pagkain, at pagkatapos ay kaniyang susundan sa silid, aalisin ang kaniyang botitos sa paa at ang kaniyang bihis sa katawán, saká pa siya kakaing nagmamadali upang muling makapasok sa silid at mapaypayan ang kaniyang panginoon. Kung itó ay nakakatulog na, at saka pa liligpitin ang kinanan, at pagkatapos ay kukunin namán ang may kasiraang damit at susulsihan.

Sa ika 2 ng hapon ay magigising ang kaniyang panginoon, at gaya rin kaninang umaga, ay tutulungan niyang magbibihis, magsuklay ng buhok, at susuotan pa ng butitos at hindi hinihiwalayán hangang di manaog at pumasok sa kaniyang pangasiwaan.

Pag-alis nitó, ay bubulihin na naman ni Maring ang sahig, hangang hapon, saka pa sisiyasatin ang pagkaing hapunan.

Si Maring ay siya pa ang utusán sa lahat ng dako.

At ang lalo pang pagod ni Maring ay kung magsidating ang mga panauhin ng kaniyang panginoon. Siya ang tanging utusan sa pagkuha ng sari-saring alak, pulutan, matamis, kung saan-saang almacén, at kung sila'y langó na, ay palagi pa siyang namumura.

Ang lahat ng itó ay pinagtitiisan ni Maring, alangalang sa kaniyang asawang nakaratay sa banig at sa kaniyang dalawang anak na mumunti.

Ang kaniyang panginoon ay isang babaying americanang hindi pangit at hindi naman maganda: Kainaman lamang, datapuwa't maayos magbihis at bantog sa kalinisan ng kaniyang puri.

Gayón pa man ay madalas makita ni Maring, na siya'y nakikipagsarilinan sa silid sa kung sino-sinong mga lalaking dalaw na kaniyang kaibigan. Doon sila nag-iinuman ng alak, doon ang malakas na halakhakan ng tawa, mamaya'y biglang tahimik, mamaya'y bigla na namang kaingayan tawanan... Nguni't ang lahat ng ito'y walang anó mang masamá: talagang ang gayong kaugalian ay karaniwan daw sa lahi ng kaniyang panginoon.

Isang gabi, itó ay nagkaroon ng panauhin. Isang lalaking anaki'y supling ng mga higante sa taas at laki ng pangangatawan. Ang kaniyang mukha'y kasingpulá ng kamatis na hinog. Anim ng botelyang cerveza ang kaniyang nainom, bukod pa ang dalawáng botelyang "wisking" kasalit.

Pagtugtog ng ika 8 ng gabi sa relós, si Maring ay nagpaalam sa kanyang panginoon, nguni't ang panauhin ay siyang sumagot.

—Huwag ka munang umalis,—aniya,—sapagka't wala kaming mautusan dito.

—Hindi po mangyayari,—ang sagot ni Maring.

—¿Bakit hindi?,—ang tanong ng panauhin.

—Sapagka't ang asawa ko po ay nakaratay sa banig,—ang tugon ni Maring,—bukod sa ako'y may dalawang anak na maliliit na naghihintay sa akin ngayon sa bahay.

—Lalo nang hindi mangyayari ang kami ay iwan mo ngayon,—ang ulit ng panauhin.—Ikaw ay aming kailangan sa boong magdamag.

—Hindi po mangyayari,—ang tutol ni Maring.—Akó po'y paalam na.

Si Maring ay anyong aalis, nguni't siya'y hinawakan sa kamay ng panauhin.

Ang panginoon ni Maring ay humahalakhak ng tawa.

—Ako po'y bitiwán ninyó,—ani Maring sa panauhin.

—Huwag kang umalis, sapagka't ikaw ay aming kailangan,—ang pilit nitó, saka kinaladkad si Maring at ipinasok sa silid.

Si Maring ay lumaban.

Siya'y niyakap ng panauhin at biglang inihampas sa sahig.

Si Maring ay nabuwal; at sa pagkabiglá ay nagputok ang kaniyang ulo sa dakong likuran.

Sa gayong kalagayan ay siya'y kinababaw noong taong malaki: siya'y ibig gawán ng mahalay, nguni't sa sandaling yaon ay naala-ala ni Maring ang kaniyang lanseta sa lukbutan, madaling dinukot, lihim na binuksan at biglang tinarakan sa dibdib yaong lalaking namimilit. Itó ay napasigaw ng malakas.

—¡Mamamatay ako!,—aniya at binitiwán si Maring.

Naglawa sa sahig ang dugó.

Dumaló ang panginoon ni Maring at siya'y anyong hahawakan, nguni't si Maring, kaisang liksi ng kidlat, ay lumuksó at nagtaanan.

Sa kaniyang pagmamadali ay siya'y nahulog sa hagdanan, nguni't hindi tumigil kaunti man. Paglagpak niya sa lupa, ay maliksing tumindig at tumakbó.

Siya'y nakatagpo ng isang calesang walang laman. Tinawag niya at sinakyán.

—Sa Tundó,—aniya sa cochero.

Ang kabayo ay matuling tumakbó.

Ng ang calesa'y papaakyat na sa tulay ng Espanya, ay nasagasaan ng isang trambia. Ang calesa ay tumapon at nagiba, ang cochero ay nasugatan sa mukha, nguni't si Maring ay hindi naano.

Pagdaka'y lumapit sa kanilá ang isang amerikanong pulis, at sila'y dinaluhan ng maraming tao.

Napagmasdan ng pulis ang damit ni Maring, tigmak ng dugó. Yao'y dugo noong malaking amerikanong kaniyang tinarakan sa bahay ng kaniyang panginoon.

—¿Nasugatan ka ba?,—ang tanong ng pulis kay Maring.

—Opó,—ang sagót nitó.

—Tingnan ko ang iyong sugat,—anang pulis.

Si Maring ay nanginig ng takot, sapagka't siya'y hindi nasugatan.

—¿Saan nandon ang iyong sugat?—ang ulit ng pulis.

—Naritó po sa loob,—ang sagot ni Maring.

—Ipakita mo,—anang pulis.

—Hindi po maaaring ipakita ko,—ang tugon ni Maring,—sapagka't narini sa loob.

—¿Malubha baga ang sugat mo at ganiyan na karami ang dugo sa iyong damit?—ang usisa ng pulis.

—Malubha nga po kung kaya ako'y tigmak ng dugo,—ang tugon ni Maring.

—Kung gayon,—anang pulis,—ay sumama ka sa akin sa Hospital.

Si Maring ay lalo pang nanginig ng takot. Inakala niya na kung siya'y sasama sa Hospital, at doo'y makitang siya'y walang sugat ay sapilitang uusisain kung bakit tigmak ng dugo ang kaniyang damit, at dahil dito ay walang salang di nila malalamang siya ang tumarak sa dibdib noong amerikanong iniwan niyang naghihingalo marahil sa bahay ng kaniyang panginoon.

Ang pulis ay lumapit sa isang telefonong na sa malapit na haligi sa daan, at siya'y humingi ng isang "carro ambulante".

Ang sandaling yaon ay sinamantalá ni Maring at siya'y matuling nagtaanang umakyat sa tulay ng Espanya.

Siya'y hinabol ng pulis at siya'y anyong abutan sa kalagitnaan ng tulay. Pagkakita ni Maring na siya'y dadaklutin na lamang ng pulis, ay maliksing sumampa sa gabay ng tulay at lumuksó sa ilog.

Ang amerikanong pulis ay lumuksó rin at siya'y hinabol sa tubig.

Sa mga sandaling yaon ay bumabaha ang ilog Pasig, kaya't ang mabilis na agos na sinasagabalan ng tulay ng Espanya ay dumaragundong at namimilipit sa pagpupumilit malampasan yaong makakapal na haligi ng nasabing tulay.

Palibhasa'y kinagisnan ni Maring ang pamamalakaya, kaya't siya'y malakás lumangoy.

Ang pulis ay linulon ng isáng malaking uli-uli at nalunod. Datapuwa't si Maring ay lumaban sa dumaragundong na tubig, at sa kalalangoy, at sa kasisid, ay siya'y nakarating na walang nakamalay sa kaniya sa sadsarang may hagdanang batóng malapit sa tapat ng bahay ni Yangko.

Siya'y umahon at matuling lumakad. Namimili ng madaanang madilim, upang siya'y makubli sa liwanag ng mga ilaw sa lansangan.

Siya'y nakarating sa kanilang bahay, nangangapos ang hininga sa pagod.

—Ako'y nakamatay ng tao,—aniya kay Gonsalo.

—¿Bakit?,—ang gulat nitó.

—Ako'y pinagnasaang gawán ng mahalay ng isang amerikano,—ang dugtong ni Maring,—kaya't siya'y aking tinarakan ng lanseta sa dibdib.

Si Maring ay madaling nagbihis.

Noon ding gabing iyon, si Maring ay humanap ng banka sa pampang ng ilog at kaniyang inakay ang malubhang asawa at maliliit na dalawang anak.

Sino pa mang makakita sa anyo ni Maring ay sapilitang mahahabag. Sunong ang nakabigkis na banig, unan at tampipi ng damit, akay ng kaliwang kamay ang anak na bungso, kapit sa kaniyang saya sa dakong likuran ang anak na panganay, at si Gonsalong halos hindi makagulapay ay nakasimbabá sa kaniyang balikat na kanan.

Ang sariling bangkang dinatnán nilá sa pampang ng ilog ay tigib ng lulang talabang may balat. Gayon pa mán, ito'y kanilang sinakyán, sapagka't doo'y wala ng ibang bangka.

Doo'y may iisáng lalaking pinakiusapan ni Maring upang sila'y ihatid sa nayong Baluarte, sakop ng Bulakan.

Sa di masaway na galaw ng mga bata lalo na't ang bangka ay tigib ng talabang may balat, itó ay tumaob, noon pa namang siya'y malapit ng sumadsad.

Gayón na lamang ang sama ng palad. Hindi malaman ni Maring kung sino ang unang sagipin sa kaniyang mga anak at asawa.

Palibhasa'y siya'y may buháy na kaisipan sa mga biglang panganib, ay agad niyang sinagip ang anak na bungso; ang panganay ay sinagip namán ng bangkero.

Si Gonsalo ay lumubog na parang bató.

Pagkakita ni Maring na si Gonsalo ay wala, ay iniabót sa nasabing bangkero ang anak na bunso at pagdaka'y sumisid. Kinapa sa ilalim ng tubig ang kaniyang asawa, at ng kaniyang matuklasan ay niyakap, at biglang sumikad sa lupa, kaya't silang dalawa'y lumitaw.

—Ilangoy ninyo at ihahon sa pampang ang dalawang batá,—ang sigaw niya sa mananagwan.

Halos hindi pa man natatapos ang kaniyang huling salitá, ay muling lumubog na namán ang mag-asawa, sapagka't si Gonsalo ay nanguyapit sa liig ni Maring.

Hindi makatulong kay Maring ang mananagwan sapagka't dalá nitó ang dalawáng batá at siya naman ay halos lumubog.

Dahil dito, ay pinag-ubos ng mananagwan ang kaniyang lakas, at bahagya ng makagulapay ng siya'y makaarok sa dako ng pampang.

Siya'y madaling umahon, binitiwán sa lupa ang dalawáng paslit at muling lumusong sa tubig.

Siya'y sumisid sa kinalubugan ni Maring at ni Gonsalo. Nakapá niyang nagkakayakapan ang dalawa sa ilalim. Si Maring ay hindi na mangyaring lumitaw pa, sapagka't mahina na ang kaniyang katawán, at hindi niya makayang dalhin ang nangunguyapit sa kaniyang liig.

Hinawakan si Gonsalo ng mananagwan. Ito'y biglang sumikad sa lupa, kaya silang tatlo'y lumitaw.

Si Maring ay nakahingá.

Pinag-ubos nitó ang kaniyang lakas, at silang dalawá ng mananagwan ay pinagtulungang ilinangoy si Gonsalo hanggang sa pampang.

Sila'y umahón.

Si Gonsalo ay hindi humihingá.

Doon ay may isang dampang tirahan ng isang matandang bantay palaisdaan. Sila'y nanuluyan sa matanda.

Si Gonsalo ay binihisan, kinumutan at nagsiga sa silong ng bahay upang siya'y mainitan, kaya't di nalaonan ay nanaguli ang kaniyang hininga.





KABANATANG VI.

Tinugis ng Lisyang Palad

Hindi lubhang malayo sa dampang tinuluyan nila Maring ay may isang malaking palaisdaan, ari ng bantog na mayamang si Capitang Juan.

Si Maring ay natanggap na bantay sa palaisdaang yaon, kaya't sila'y madaling lumipat sa kaniyang dampa.

Isang hapon, nagtatakip-silim na, si Maring ay sumasalap ng hipon, upang sila'y may ulamin sa hapunan.

Dumating si Capitang Juan sa palaisdaan at lumapit kay Maring.

—Maring,—aniya,—labis mo ng nahahalata marahil ang maluwat ng mataimtim kong nais sa iyong kariktan. At yayamang ako'y mayaman, ay ibig kong ikaw ay yumaman din naman.

—Hindi po mangyayari ang inyong nais,—ang sagot ni Maring,—batid po ninyong ako'y may asawa.

—Paka-asahan mong walang makakaalam na sino pa man,—ani Capitang Juan.

—Mayroon po,—ang tugon ni Maring:—ang Maykapal at akó. Akó'y nahihya sa Maykapal at sa aking dangal na sarili.

—Akalain mong si Gonsalo ay may sakit,—ang ulit ni Capitang Juan.—Kapag siya'y namatay ay walang lilingap sa iyo at sa iyong mga anak.

—Akó po namán ay may sariling lakás,—ang pakli ni Maring.

—Kapag hindi nangyari ang aking nais,—ang banta ni Capitang Juan,—ay aalisin ko sa iyo ang palaisdaan.

—Ari po ninyo ang palaisdaan,—ang tahimik na sagot ni Maring,—at magagawa ninyó ang balang ibigin.

—¡Kay-tigás namán ng loob mo!,—ang malambing na samo ni Capitang Juan at anyong yayakapin si Maring.

Si Maring ay umurong ng dalawang hakbang.

—Capitang Juan,—ang nakangiting pakli ni Maring:—Marahan at huwag po kayóng mangahas. May mga babaying maamo pa kay sa inakay na kalapati, kung sila'y hindi linalapastangan; nguni't kapag hindi iginalang ang kanilang karapatan, ay marurunong din namang manuka at mangamot na masahol pa kay sa lawin.

Si Capitang Juan ay napahiya, kasabay ng malaking galit na biglang sumilakbó sa kaniyang puso at utak.

Yaong bantog na Capitang Juan na hindi na halos mabilang ang mga babaying kaniyang nabihag; yaong Capitang Juan na may himalang titig na sa tuwi-tuwi na'y sinusukuan ng mga dalaga't babaying may asawang natitisan sa paglakad ng kaniyang maligayang buhay, ay naroroon ngayon at pinangdidilatan at hinahamunan ng isang marálitang bantay palaisdaan.

—¡Napakataas ng iyong pangungusap!,—ani Capitang Juan.

—Sa katwiran po lamang,—ang sagot ni Maring.

—¿Anó bagang katwiran ang isinasatsat mo?,—ang bulas ni Capitang Juan.—Magpasalamat ka't ikaw ay napiling naisin ng aking pita. Panunghan mo ang iyong kaliitan, at tingalain mo ang aking kalakhan, saka ka magsabi kung...

—¡Oh bulag na matanda!,—ang sabat ni Maring.—¡Paslang na mayaman! Ang kaluluwa mo'y kasing-dumi ng salaula mong kalooban. Hindi ka pa nasiyahan sa pamumutawi sa iyong mga labi ng mga salitang mahalay, laban sa marangal na ugali, at ngayon ay nag-anyó ka pang lumapit sa akin, upang lapastanganin mo ang aking pagkababayi... ¡Ulol! Akalain mong ikaw, sa gitna ng iyong masagwang kayamanan, ay maliit ka pa kay sa hanip nguni't ako, sa laot ng aking marangal na kadalitaan, ay kasinglaki akó ng kalinisan, ng karapatán at ng katwiran. At ang katunayan ay narito.

Dinukot ni Maring sa kaniyang lukbutan ang isang lanseta, at dagling binuksan. Ang talim nito ay kumislap.

—Lumapit ka ngayon,—ang dugtong ni Maring. Si Capitang Juan ay nangatal ng takot. Ang katutubong tapang ng kaniyang puso at utak ay dagling bumaba sa kaniyang talampakan, at sa katunayan ay siya'y mabilis na lumayas.

Ng siya'y malayo na, at inakala niyang siya'y hindi na aabutan ni Maring, sakali mang siya'y habulin, ay sumigaw ng malakas:

—Iwan ninyó ang dampa ngayon din,—aniya.

Si Maring ay umuwi. Dinatnan niyang nagkakaumpok ang tatlong mag-aama.

Si Gonsalo ay lumalakas lakas na nguni't hindi pa makalakad.

—Gonsalo,—ani Maring,—tayo'y pinaalis dito ni Capitang Juan ngayon din.

—¿Bakit daw?,—ang malumbay na tanong ni Gonsalo.

—Ewan nga,—ang sagot ni Maring.

Ipinagkaila ni Maring ang dahilán, ala-ala niya’y baka lalong sumama ang loob ng kaniyang kaawa-awang asawa.

Maluwat na di nakaimik ang dalawa.

Ngayong pinagmamasdan ni Maring ang kaniyang dalawang paslit na anak at ang asawang may sakit, yaong puso niyang kasingtigas ng bakal ay naging marupok, at anaki’y sasabog sa mariing hampas ng lisyang palad.

—¿At papaano tayo ngayon?,—ang kahambal-hambal na tanong ni Gonsalo.

—Tayo ay umalis dito ngayon,—ang lalong kahabag-habag na sagot ni Maring.

Ang dalawang bata ay nangakatanga sa pakikinig sa salitaan. Tila wari ibig niláng mataosan ang káhulugan ng usapan ng kanilang amá’t ina; nguni’t ang kanilang malalagong utak, ang kanilang maliliit na puso, ay wala pang kayang lumasap ng lasong handog sa kanila ng lahat ng bagay na nangyayari.

—¿At saan tayo titira ngayon?,—ang lubhang malungkot na tanóng ni Gonsalo.

Si Maring ay ngumiti, ngiting pilit, ngiting malumbay pa kay sa tangis, ngiting mapait pa kay sa apdó.

—Malapad ang lupang matitirahan,—aniya,—at maaliwalas ang langit na masisilungan. Ang lahat ng parang, gubat at bundok ay pawang nangaghahandog ng kamote, gabe, mga ubod, sari-saring bungang kahoy, bukod pa ang maraming tikling at iba’t ibang ibon at hayop; gayón din naman ang mga sapa, ilog at dagat, ay pawang nangaghahandog ng walang katapusang biyaya, gaya ng mga suso, kabibi, palaka at laksa laksang isdang hindi sukat maubos ng tao sa habang panahon.

—Tunay na nga,—ang pakli ni Gonsalo,—nguni’t akó ay may sakit at... ¡Kaawa-awa ka namán, Maring!

Saka siya biglang napatangis.

—¿Bakit?,—ang masintahing tanong ni Maring.

—Kaawa-awa ka naman, sapagka’t ako’y hindi makatulong sa iyo kaunti man,—ang himutok ni Gonsalo.

—Tatay,—anang matabil na bungso,—akó ay tutulong sa inang ko.

—Akó mán,—ang dagling dugtong ng panganay.

—¡¡¡Dios ko!!!—ang malakás na sigaw ni Gonsalo, saka niyakap na mahigpit ang dalawang anak.

—Ako’y mag-aararo at magtanim ng palay,—ang ulit ng panganay.

—Ako’y mamamalakaya at ipagbibili namin ng inang sa bayan,—ang dugtong ng di mapakaling bungso.

—¡¡¡Dios ko po!!!,—ang matalim na sigaw ni Maring.—¡¡¡Anong kaliliit ng aking mga anak!!!

Saka minsang niyakap ang tatlong mag-aamá.

¡Kakila-kilabot na larawan!

May mga larawang hindi mangyayaring dalubhasain ng lalong pantas na panulat. Ang larawan nila Maring, Gonsalo at dalawang anak ay isá sa mga binangit.

Ang mag-asawang Maring at Gonsalo ay sabay na tumangis. Ang malalagong utak at maliliit na pusó ng dalawang paslit ay nangahawa mandin sa hinagpis ng kanilang ama’t ina, at sila’y tinablan ng mapait na luhang dumadagisdís at pumapatak sa kanilang ulo, kaya silá ay nagsi-tangis din.

Ang mag-asawa at ang kanilang mga anak ay ayón at nagkakayakap at nagsisitangis na walang lubay. Sila’y parang binigkis ng lalong masaklap na kamatayan.

Ang silong ng bahay ay nabasa sa kadadagisdís ng kanilang luha.

¡Kaawa-awang Maring! Ang sinumpaang man ng mga katalunan ay hanggan doon na lamang ang hirap. Karamihan sa babayi ay nangapapala dahil sa kanilang kagandahan; nguni’t si Maring, sapol pa man sa una, sapol pa noong siya’y agawin ni Gonsalo, ay siya’y tinugis na ng mababangis na ligalig, dahil lamang sa kaniyang hiwagang dilag.

Iwan natin ang kabanatang itó, sapagka’t napakalumbay.





KABANATANG VII.

Ganting-pala ng Pagtitiis

Inakay na namán ni Maring ang kaniyang dalawang anak at asawang may sakit.

Si Gonsalo ay nabinat.

Sila'y naparoon sa dampa noong matandang kaniang tinuluyan noong unang sila'y dumating sa pook na iyon, at ipinamanhik ni Maring sa kaniya na sila'y ihatid ng bangka sa Obando. Ipinagtapat ni Maring ang naging dahilan ng kanilang pag-alis.

Ang matanda ay nahabag at pumayag sa pamanhik.

Hinakot ni Maring ang kanilang banig, unan at tampipi ng damit, inilulan sa bangka, sila'y sumakay at napatungo sa Obando, sa dakong Taliptip.

Ang bangka ay sumadsad at sila'y napasalamat sa matandang sa kanila'y naghatid.

Hindi pa nalaonan ang kanilang paglakad, ay sila'y may isang kubong dinatnan.

Nagpataupo si Maring, nguni't walang sumagot.

Siya'y sumilip sa linib at ng makitang walang tao, ay ipinanhik ang kaniyang asawa't mga anak.

Ang kubong yaon ay parang inihanda kilá Maring. Nagkaroon sila ng bahay na di pinagkagugulan ng salapi at pagod. Lamang ay napakaliit at wasak pa. Yao'y kubong maluwat ng iniwan ng may-ari.

Gayon pa man, si Maring ay natuwa ng di mamagkano, at napasalamat sa Maykapal.

Siya'y naglatag ng banig, at pinatulog ang mga bata.

Palibhasa'y hapo si Gonsalo, kaya di nalaonan at nakatulog din.

Hating gabi at maliwanag ang buan.

Pagkakita ni Maring na nakakatulog na ang kaniyang asawa at mga anak, ay siya'y marahang nanaog at napatungo sa isang palaisdaang hindi lubhang malayo doon. Tahak ni Maring ang pasikot sikot ng pook na yaon, sapagka't noong buhay pa ang kaniyang nasirang amá ay sila'y madalás na mamili ng isda doon.

Siya'y napatungo sa bahay na tirahan ng bantay sa palaisdaan. Bagama't hating gabi ay nakita niyang maliwanag sa loob ng bahay. Siya'y napataupo.

Dumungaw ang isang matanda at siya'y pinapagtuloy. Pagdaka'y nakilala niya ang matandá sapagka't itó ay kaibigan ng kaniyang nasirang amá at ngayo'y siyang may ari ng palaisdaan.

Ipinamanhik ni Maring na siya'y pahintulutan mangdukot ng alimango sa mga lunggang nangasa-pilapil ng palaisdaan. Ang may-ari ay pumayag.

¿Sabihin pa kayá ang tuá ni Maring?

May mga dalawang oras pa lamang siya sa palaisdaan, ay mahigit na sa apat na puo ang alimangong kaniyang nahuli.

Sa katapusán ay nasipit ng isang sakag ang kaniyang hintuturo. Nabutas ang kukó at nadurog ang dulo ng kaniyang daliri.

Siya'y umuwí. Ang dugo'y walang lubay na tumutulo sa kaniyang sugat; nguni't siya'y masayá, sapagka't may dalang apat na puo't walong matataba at malalaking alimango.

Pagdating ng bahay ay tinalian ang kaniyang sugat, ginising si Gonsalo at nagpaalam na umuwi ng bayan, upang ipagbili ang alimangong kaniyang nahuli.

Siya'y nag-iwan ng apat upang sila'y may ulamin.

Nagbubukang-liwayway na ng si Maring ay umalis.

Ng siya'y umuwi ay may dalang bigás, petróleo, ilawan, palayok, suklob, sandok, banga at asin.

Namaga ang kaniyang hintuturong may sugat at hindi na mangyaring siya'y makapangdukot ng alimango.

Kinagabihan ay siya'y nananglaw ng kanduro.

¡Kay tuwa ni Maring! Sasandali pa siyang nananglaw ay dalawang puo't anim na ang kaniyang nahuling ibon. Nguni't sa kabila ng kaniyang tuwa, ay siya'y nasubyang ng isang bubog na bumaon sa kaniyang talampakan ng kulang lamang sa isang dali ang lalim.

Tinalian ng panyo ang kaniyang sugat at umuwing titingkod-tingkod.

Kinaumagahan, at pagkatapos naipagbili ang kaniyang mga nahuling ibon, bagá man at masakit na lubha ang kaniyang paa, ay siya'y bumili ng tubig na inumin, sinasalok niya ng banga sa mga bangka, at ipinagbibili sa bayan. Ikaapat na balik, ay siya'y natisod sa isang bato, naparapa at nabasag ang kaniyang banga.

Si Maring ay umuwi ng bahay na gumigilid ang luha sa kaniyang mga pilikmatá.

